Gabay Kaugnay ng COVID-19 para sa Mga Magulang ng Mga Batang Pumapasok sa Paaralan at/o Childcare (COVID-19 Guidance for Parents of Children Attending School and/or Childcare)

Ang iyong anak ay asymptomatic at natukoy bilang close contact ng isang taong nagpositibo sa pagsusuri para sa COVID-19.

Tandaan: Ang asymptomatic ay nangangahulugang ang iyong anak ay wala ng mga sumusunod na sintomas: lagnat; ubo; pangangapos ng hininga; kawalan ng pang-amoy o panlasa; panginginig; pananakit ng lalamunan o masakit na paglunok; tumutulong sipon o baradong ilong; masama ang pakiramdam o pagkaramdam ng pagkapagod; pagduruwal o pagsusuka, o pagtatae; hindi maipaliwanag na kawalan ng ganang kumain; mga pananakit ng kalamnan o kasukasuan; pananakit ng ulo; conjunctivitis (pink eye)

Gabay (Guidance)

Legal na kinakailangang mag-quarantine ng iyong anak sa loob ng 14 na araw

Inirerekomenda ang pagsusuri para sa COVID-19

Pagsusuri (Testing)

Magpasya kung magpapasuri ang iyong anak para sa COVID-19

Oo

Gawin:

Mag-book ng pagsusuri para sa COVID-19 para sa iyong anak

- **Online:** ahs.ca/covid
- **Sa pamamagitan ng telepono:** Tumawag sa Health Link sa 811

Subukang mag-book ng pagsusuri sa loob ng 24 na oras magmula noong magkaroon ng mga sintomas ang iyong anak

Gawin: **Samahan ang iyong anak na magpasuri para sa COVID-19**

Hindi O

Bago mo makuha ang resulta ng pagsusuri sa iyong anak

Resulta ng Pagsusuri (Test Result)

Gawin:

Kunin ang resulta ng pagsusuri para sa COVID-19 ng iyong anak

Maaaring umabot nang 1 hanggang 3 araw bago makuha ang resulta ng pagsusuri sa iyong anak

- Makikipag-ugnayan ang AHS sa lahat ng indibidwal na positibo ang resulta para sa COVID-19
- Para sa higit pang impormasyon tungkol sa pagkuha ng resulta ng pagsusuri para sa COVID-19 ng iyong anak, pumunta sa ahs.ca/results

Positibong Resulta ng Pagsusuri

Negatibong Resulta ng Pagsusuri

Mga Susunod na Hakbang (Next Steps)

Ano ang dapat gawin

Legal na kinakailangan ng iyong anak na mag-isolate sa loob ng **10 araw mula sa petsa ng kanyang pagsusuri para sa COVID-19**.

Bisitahin ang ahs.ca/isolation para sa higit pang impormasyon.

Dapat manatili sa bahay at mag-quarantine ang mga miyembro ng sambahayan sa loob ng 14 na araw mula sa kanilang huling pagkakalantad sa bata.

Ano ang dapat gawin

Legal na kinakailangan ng iyong anak na manatili sa bahay at mag-quarantine sa loob ng **14 na araw mula sa kanyang huling pagkakalantad sa isang kumpirmadong kaso ng COVID-19**.

Kung magkakaroon ng mga sintomas ang iyong anak sa panahon ng kanyang 14 na araw ng quarantine, o pagkatapos noon, dapat siyang masuri ulit para sa COVID-19. Bisitahin ang ahs.ca/parentcovidguide para mapagpasyahan ang mga susunod na hakbang.

Hindi kinakailangang mag-quarantine ng mga miyembro ng sambahayan basta't asymptomatic ang bata.